# Bago Pa Tuluyang Maligaw

*Malimit kang naroon sa may sala. Nakaupo ka't hindi mo namamalayan kung ano ba talagang iyong ginagawa. Hindi mo namamalayan sapagkat wala ka naman talaga sa sala. Naroroon ka sa alulod ng inyong bahay. Ikaw ang malaking bara na sanhi ng pagtulo sa kisame ng mga kabahayan kapag umuulan. Sa panglilimahid ng katawan ay napapadpad ka sa banyo. Ngunit lagi ay hindi mo nararamdaman ang iyong katawan, kahit pa sa madiing pagkuskos ng sabon at matinding pag-ire kapag nagbabawas. Ito'y dahil wala ka naman talaga sa banyo kundi nasa may kanal sa labas ng inyong tahanan. Kasama mo ang mga sachet ng sabon, shampoo, gel at iba pa na ginagawang barado ang kanal kaya kapag may bagyo ay nakalulunod ang tubig. Minsan naroon ka lamang sa iyong kuwarto, nakahiga sa kama't nag-iinat at niyayakap ang sarili na tila sanggol sa loob ng sinapupunan ng ina. Malayo sa sinapupunan ng ina ang may apat na sulok niyong bahay. Titig na titig ang iyong balintataw sa mga pader. Naroon ka't kumakapit, at kapag lumindol, unang-una ang mga itong magigiba.*

Minsan ay kinakausap natin ang ating sarili sa isang lenggwaheng hindi kayang intindihin ng kahit sinuman. Ayon nga sa sikolohistang si Carl Jung, ang isip ng tao ay hindi lamang binubuo ng kamalayan. May mga bagay din ditong kay hirap isawika – samu't saring alaala ng mga larawan, na may kakabit na mga pakiramdam, na walang tigil na nagbabanggaan, bumubuo ng mga bago pang larawan at nagtatakda ng daloy ng ating kamalayan. Magulo ang loob ng isip

datapwat hindi ba't ang kaguluhang ito, ang mga bagay na hindi natin maisalin sa  salita, ang nagdadagdag ng kabuluhan sa buhay?

Kay dami-daming larawan sa aking isip. Hindi pa naman ako ganoon katagal nabubuhay sa mundong ito, ngunit napadpad na ako sa iba't ibang lugar – nagpaiba-iba ng tahanan gawa ng mga kadahilanang hindi ako ang may hawak. Hindi ko mapagtagni-tagni ang mga larawan. At sa mga saglit ng pagmumuni-muni, ng paghahanap at pagkilala sa sarili, wala akong maayos na nabubuong kahulugan. Titig na titig ako sa mga pader ng aming bahay sapagkat iyon lamang ang malinaw na nagsasabi ng kung ano ba talaga ang lagi kong nararamdaman at sumasakop sa aking sarili: kawalan.

Natutunan kong mahalin at unawain ang bawat larawang nasasagap ng aking isip sa araw-araw na pamumuhay na tila punung-puno ng paglalakbay. Natutunan kong ibaon silang mabuti sa aking mga alaala, kasama ng mga pakiramdam na inihatid nila sa akin. Sa mga pagsakay nga sa dyip o sa kung anumang sasakyan ay halos mapilipit na ang aking ulo sa pagdungaw sa mga larawan sa bintana; pilit binibigyang saysay ang lahat, hinahanapan ng mga pinakawagas na epekto sa pakiramdam upang maisama sa nais kong panghawakang tagni-tagning pagkakakilanlan.

Narito ang ilan sa mga larawang naaarok na ng aking kamalayan ang kabuluhan sa aking pagkatao: ang ihip ng malamig na hanging dumarating bago ang mahina o katamtamang ulan ay naghahatid sa akin ng pakiramdam ng kapayapaan; ipinapaalala nito ang mga musmos kong araw kung kailan ang mga malamig na tanghaling tapat ay ginagasta sa kwarto sa bahay kapiling ang mainit na yakap ni Nanay, kumakalma sa puso't isip na pagod sa pagharap sa mga parami nang paraming pagsubok sa buhay. Narito rin ang eksena sa loob at labas ng dyip kapag masikip

ang trapiko. Kakabit nito ang isang pakiramdam ng labis na pag-iisa, sa pagkapalibot sa’kin ng mga taong natutulog sa mataas na sikat ng araw, nakatulala o di kaya’y natatakpan ng panyo ang ilong at bibig upang hindi makalanghap ng usok. Magkakadikit ang aming balat ngunit hindi ko sila makausap. Sumisibol din ang isang malungkot na tanong: bakit kasing sikip ng upuan sa dyip ang kalsada? Tila mahahagip na ng mga sasakyan ang mga tindero at barung-barong na kabahayan sa gilid nito. Makipot ang kalsada at mabagal ang proseso ng pagtakas sa pag-iisa. Isa pa sa mga larawan ay ang maraming puno’t malawak na palayang minsan lamang nakikita. Tambak ang mga gusali at establisyamentong iba-iba ang hugis na masakit sa mata. Dito, kapayapaan ulit ang aking nararamdaman.

Ang telebisyon at internet ay tila mga bintana rin ng dyip. Mabilis at masagana nitong inilalatag ang mga samu’t saring larawan. Ngunit hindi gaya ng mga karaniwang ipinapakita ng bintana ng dyip, ang mga larawan dito ay kay bilis nakararanas ng pagbabago. Naroon ang isang tahimik at matayog na gusali na sa isang iglap lang ay gumuho’t nagkalagas-lagas dahil sa isang *7.5 magnitude* na lindol. Nakahain din ang isang larawan ng hile-hilerang kabahayang halos hindi pa lumipas ang isang minuto’y nagkatanggalan ang mga bubong sa malakas na hampas ng hangin, at nayanig sa bugso ng baha. At ang aking mga mata ay uhaw na sumusubaybay.

Para pa rin akong sanggol sa sinapupunan. Tinatanggap ko ang mga larawang mistulang nutrisyong kailangan ko upang patuloy na mabuhay ngunit hindi ko lubos na maintindihan kung ano nga ba ang lahat ng mga ito. Madalas, natatagpuan ko pa rin ang aking sarili at ang aking tagni-tagning pagkatao sa loob lamang ng bahay.

*Malayo ang iyong tingin. Lumabas ka sa pinto ng inyong bahay ngunit di mo tiyak kung ano ba talaga ang lugar na iyong pupuntahan at kung bakit. Naglakad ka sa isang*

*nakasanayang daan na hindi mo naman talaga nakasanayan sapagkat ni hindi mo napansin na nagbago na ang kulay ng pintura ng isang gusali. Lalong hindi mo napansin ang hindi na pagkapit ng hamog sa mga haligi nito. Nilamig ka at mas ninamnam mo ang awitin ng isang sawing pag-ibig na nakasalpak sa iyong tainga. Lubos na sumikip ang iyong dibdib sa pagbuntung-hininga. Walang mga puno sa iyong dinaraanan.*

Tinitimpla ng mga larawang nasasagap ng paningin, pandinig, pang-amoy, panglasa at pangdama natin ang ating mga pakiramdam. Ngunit tinitimpla rin natin ang mga ito. Ang ating bawat kilos at galaw ang naghahayag kung may mga susunod pa bang malamig na hangin ang ating mararamdaman. Ang pagbabago ng mga larawan ay hindi lamang nagaganap kapag tayo ay humahakbang nang malaki, umuusad at pumupunta sa iba-ibang lugar. Sa isang simpleng paglinga lang ay ang dating tila simpleng dahon sa puno ay magiging isang paru-paro na. Sa isang kisap lang ng mata ay maaanod at magigiba ang mga kinasanayang simbahan, rebulto, gusali't kabahayan ng isang hindi inaasahang malakas na ulan. At hindi natin lubos na maarok, tayo ang gumawa nitong ulan pati na rin nitong pagkaanod.

Sa buhul-buhol kong kamalayan, minsan ay kinakausap ko ang aking sarili na tila ba ako at ang aking katawan ay hindi iisa. Sa ganitong uri ng paglayo, nasisilip ko ang isang larawang nagpapakita ng aking kinalalagyan sa kalikasan at ang mga nangyayaring pagbabago sa paligid ko. Ngunit minsan, pilit pa rin akong nananatili sa kaloob-looban ng aking sarili (kahit sa panlabas ay makikitang magaslaw pa rin ang aking mga kilos at galaw). Dito, wala akong masilip kundi ang mga tagni-tagning larawan na patuloy na lumalabo. Ang mga pakiramdam na kakabit ng mga ito ay nagsasalpukan at walang ibang inihahain sa akin kundi kawalan...

Ang kabataan ay ang bahagi ng lipunang may bahid pa ng pagiging isang sanggol sa loob ng sinapupunan. Ang paningin, pandinig, pang-amoy, panglasa at pandama na nais laging kumonsumo ay nakatiwangwang – hindi pa gaanong nasasakal at nababarahan ng mga bagay mula sa nakaraan. Ito ang panahon ng buhay kung kailan hinuhubog ang isang panghabang-buhay na uri ng kamalayan na maaaring maipasa sa mga susunod pang henerasyon at siyang magtatakda ng kapalaran ng daigdig.

Minsan, maliligaw tayo sa paglalakbay sa paghahanap ng ating mga sarili. Maaari ring maligaw tayo sa kawalan dahil sa pananatili lamang sa loob ng sarili habang nililipasan ang mga larawang ating nadaraanan. At ang higit na maaaring mangyaring pagkaligaw ay ang pagkaligaw kapag nanatili tayong walang pakialam sa ating relasyon sa ating kapaligiran, kapag naging makasarili tayo't walang ibang iniintindi kundi ang mga akala nati'y pangangailangan ng ating katawan pati na rin ng laging uhaw na kaluluwa. Hindi natin mapapansin ang mga senyales na ipinapakita ng ating kapaligiran. Magigitla na lamang tayo sa biglaang pagbabago ng ating 'nakasanayang' mga larawan. At tayo'y magiging isang naliligaw na estrangherong hindi alam kung saan kukuha ng pangtugon sa kanyang mga pangangailan sa isang lugar na sinalanta ng isang kalamidad na siya rin mismo ang tumulong sa pagsasagawa.

Mapupuno marahil ang puso't isip natin ng kapanatagan at kuntentong pakiramdam kapag natutunan nating paglaanan ng isang espesyal na lugar sa ating kamalayan ang kapaligirang tila isang sinapupunang bumubuhay sa atin. Maghahari sa ating katawan ang isang kay tamis na musikang di mapipigilang lumabas sa ating bibig maging kapag tayo'y nakasakay sa dyip.